



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 111 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 23, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 579
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG
PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL
MINDORO, G. BENILDO P. MAGADIA

SAPAGKAT, si G. Benildo P. Magadia ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan mula Nobyembre 1, 2019 hanggang Marso 31, 2022;

SAPAGKAT, bilang isang kawani, ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang may pagmamalasakit at dedikasyon;


SAPAGKAT, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya nang buong katapatan, kasipagan at may dedikasyon ang tungkuling sa kanya ay iniatang;


SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa; naging responsableng ama at kabiya, mabait na kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Benildo P. Magadia.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Benildo P. Magadia, ang tauspusong


JERWIN S. DIMAPILIS



FERDINAND V. TALENS, MPA

pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Benildo P. Magadia lakip ang tauspusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Setyembre 23, 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo

